Advisory Blg. 024, s. 2018
Enero 24, 2018
Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
ang *Advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal
at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan
*(Visit www.deped.gov.ph)*

# SALING PANITIK: PALIHANG BIENVENIDO LUMBERA NG LIKHAAN: UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES INSTITUTE OF CREATIVE WRITING

Ang LIKHAAN: University of the Philippines Institute of Creative Writing ay magdaraos ng proyektong Saling Panitik: Palihang Bienvenido Lumbera na seminar para sa mga guro at iba pa hinggil sa pagsasalin mula Pebrero 8 hanggang 10, 2018 sa University Hotel, University of the Philippines, Diliman, Lungsod Quezon.

Ang layunin ng seminar-palihan ay ang mga sumusunod:

1. Maitanghal ang partikularidad ng pagsasalin bilang isang disiplinang akademiko at propesyonal lalo na sa literatura;
2. Maitampok ang mga espesipikong kalakaran at pinakamaiinam na praktika ng pagsasalin sa perspektibang panrehiyon;
3. Maiagpang sa mga karanasang Bikol, Iloko, at Pangasinense sa pagsasalin ng mga tekstong panliteratura; at
4. Makapaglatag ng mga panukalang hangarin at hakbang para sa higit na kolaborasyon sa pagsusulong ng mga proyekto sa pagpapalitang-teksto ng mga wika sa Pilipinas.

Ang mga inaasahang dadalo sa seminar-palihan ay ang mga tagapangulo at miyembro ng kaguruan ng Kagawaran ng Filipino sa bawat paaralan.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan kina:

- Dr. Romulo P. Baquiran Jr.
  Direktor ng Kumperensiya

- Prop. Joel M. Toledo
  Kalihim ng Kumperensiya

- LIKHAAN: University of the Philippines (UP)
  Institute of Creative Writing (ICW)
  Room 3200, Pavilion 3
  Palma Hall, Roxas Avenue
  UP Diliman, Quezon City
  Telepono: (02) 981-8500 lokal 2117
  Mobile: 0922-811-4449
  Email: uplikhaan@gmail.com